

Inihahagis na Telepono sa Negosasyon sa Hostage

Seattle Police Department (SPD)

Ano ang teknolohiyang ito?

Ang inihahagis na telepono sa negosasyon sa hostage ay isang teleponong may matigas na lalagyan na bahagi ng sistema ng pakikipag-usap, na magagamit sa negosasyon sa hostage/krisis ng pulis at subject. May nakakabit na mikropono at speakers sa lalagyan ng telepono na nagbibigay-daan para makapag-usap ang dalawang panig sa paraang lantaran o palihim. May nakatago ring camera dito na pansuporta para sa pagtatasa sa mga banta at taktika.



Bakit natin ginagamit ang teknolohiyang ito?

Minsan, walang ibang pamamaraan para makausap sa telepono ang subject sa isang hostage o sitwasyong may nakabarikadang tao, at naglalaan ang sistemang ito ng ligtas at maaasahang paraan ng pakikipag-usap mula sa malayo. Sa tulong ng sistemang ito, nasubaybayan at nairerekord ng team ang mga usapan para masimulan ang pagbuo ng mga estratehiya sa negosasyon at matiyak na naipapasa ang impormasyong may kinalaman sa kaligtasan. Ang ganitong uri ng mga sistema ng paghahagis ng telepono ay naka-standardize na kagamitan para sa Hostage/Crisis Negotiation Teams (HNT, Mga Pangkat sa Negosasyon sa Hostage/Krisis) ayon sa National Council of Negotiation Associations (Pambansang Konseho ng mga Samahan sa Negosasyon), FBI Crisis Negotiation Unit (Unit sa Negosasyon sa Krisis ng FBI), National Tactical Officers' Association (Pambansang Samahan ng mga Opisyal sa Taktika), at iba pang pang-industriyang pamantayan.

Kasalukuyang nagaganap ang panahon ng malayang pagkokomento para sa teknolohiyang ito. Puwede kang magbigay ng mga komento sa [Seattle.gov/SurveillanceComment](https://seattle.gov/SurveillanceComment).

Ang lahat ng komento ay isasama sa Surveillance Impact Report (Ulat sa Epekto ng Pagmamatyag) tungkol sa teknolohiyang ito at isusumite sa Konseho.

Kung gusto mong magbigay ng feedback sa ibang pagkakataon bukod sa panahon ng malayang pagkokomento, isumite ito nang direkta sa Konseho ng Lungsod.

Pagkolekta

Sinubaybayan ang live-feed video ng tauhan ng HNT o Special Weapons And Tactics (SWAT, Mga Espesyal na Armas At Taktika) mula sa truck ng HNT, o gamit ang laptop na naka-system network o remote view application na sakop ng wifi system. May kontroladong access ang ilang partikular na empleyado sa tulong ng password o pahintulot na nanggagaling sa pangunahing laptop na nagpapagana sa software.

Ang video na nirekord sa hard drive system ay maaari lang i-access ng mga miyembro ng HNT gamit ang DVR system.

Paggamit

Para makapag-deploy ng sistema ng paghahagis ng telepono sa isang insidente, kailangan ang awtorisasyon ng superbisor ng HNT, kumander ng insidente, at kumander ng SWAT kung naroon man sa lugar. Bago ihatid ang inihahagis na telepono, karaniwang napagkasunduan na ito sa subject sa pamamagitan ng pagsenyas o ng iba pang paraan. Upang maihatid ang inihahagis na telepono sa subject, karaniwan itong dinadala ng mga miyembro ng SWAT team sa labas ng isang pinto o balkonahe, at sinasabihan ang subject na dalhin ito sa loob para gamitin. Para sa mga layuning pangkaligtasan, paminsan-minsan, ibinabato ang telepono sa isang bukas na bintana o pintuan.

Mga Proteksiyon

Upang makapag-deploy sa isang lugar na protektado ng saligang-batas, kailangang awtorisado ang pagpasok sa lugar sa tulong ng isang warrant o eksepsiyon sa warrant na nagbibigay-pahintulot at sumasaklaw sa mga agarang pangyayari, o pangangalaga/emergency sa komunidad. Sa Revised Code of Washington (RCW, Binagong Kodigo ng Washington) 9.73.030, hayagang ibinibigay ang eksepsiyon sa panuntunan sa pagpapahintulot ng "lahat ng partido" para sa pagsubaybay, pag-intercept, at pagrekord ng mga tawag kung saan kausap ang isang nangho-hostage o nakabarikadang tao.